*Panalangin ng mga Kristiyano sa Maghapon*

# Liturgy of the Hours

## Panalangin sa Takipsilim II

Ika-25 ng Disyembre, 2025

{ Kapistahan ng Pagsilang ng Panginoon }

Liturgy of the Hours
EBREVIARY

*Tumayo at gawin ang tanda ng krus*

O Diyos, halina at ako'y tulungan.

— O Panginoon, magmadali ka sa iyong pagdamay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.

— Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

## Awit

Ipahayag sa kabundukan
Sa mga gulod kahit saan,
Ipahayag sa kabundukan,
Na ang Kristo ay isinilang.

Noong ako ay nag-aaral,
Ang hanap ko sa gabi't araw;
Hiling sa Diyos ako'y tulungan,
At itinuro n'ya ang daan.

Ipahayag sa kabundukan
Sa mga gulod kahit saan,
Ipahayag sa kabundukan,
Na ang Kristo ay isinilang.

Habang pastol ay nagbabantay
Isang gabi sa mga kawan;
Biglang litaw sa kalangitan
Ang isang liwanag na banal.

Ipahayag sa kabundukan
Sa mga gulod kahit saan,
Ipahayag sa kabundukan,
Na ang Kristo ay isinilang.

At nang ito ay masilayan,
Yumukod sila at nagdasal;
Sama-sama nilang nilakbay
Lugar ng batang isinilang.

Ipahayag sa kabundukan

Sa mga gulod kahit saan,
Ipahayag sa kabundukan,
Na ang Kristo ay isinilang.

*Umupo o tumayo*

## Mga Antipona at Salmo

*Antipona 1*

Mula sa iyong pagsilang ay pinagkalooban ka ng mga handog na maringal; at bago pa man magbukang-liwayway sa lupa, ika'y akin nang hinirang sa walang hanggang kaluwalhatian.

*Salmo 110:1-5, 7*

*(Ang Mesiyas, hari at pari)*

Sinabi ng PANGINOON,
Sa Hari ko't PANGINOON,
"Maupo ka sa kanan ko,
Hanggang ang kaaway mo,
Ay lubos na mapasuko, pagkat iyong matatalo."

Magmula sa dakong Sion,
Ay palalawakin niya ang lupaing iyong sakop;
"At lahat ng kaaway mo'y
Sakupin at pagharian," gayon ang kanyang utos.

Sasamahan ka ng madla,
Kung dumating ang panahong lusubin ka ng kaaway;
Magmula sa mga bundok,
Lalabas at sasamahan ka ng mga kabataan.

Ang PANGINOON ay may pangako
Na ito'y tiyak mangyayari, ganito ang kanyang saysay:
"Katulad ni Melquisedec,
Gagawin kang saserdote, na hindi na wawakasan."

Ang PANGINOON ay naroroong
Nakaupo sa kanan mo, at pag siya ay nagalit,
Ang lahat ng mga hari ay tiyak na malulupig.

Sa batis sa lansangan,
Itong hari ay iinom, at sisigla ang katawan;

Sa lakas na tataglayin, matatamo ang tagumpay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Mula sa iyong pagsilang ay pinagkalooban ka ng mga handog na maringal; at bago pa man magbukang-liwayway sa lupa, ika'y akin nang hinirang sa walang hanggang kaluwalhatian.

*Antipona 2*

Sa Panginoon ay walang kabiguan ang pag-ibig; dakila ang kapangyarihan niyang sumagip.

*Salmo 130*

Sa gitna ng paghihirap, tinawag ko'y PANGINOON.
Kaya, PANGINOON, ako'y dinggin pagka ako'y tumataghoy,
Dinggin mo ang pagtawag ko't paghingi ng iyong tulong.

Kung ikaw ay may talaan nitong aming kasalanan,
Lahat kami ay tatanggap ng hatol mong nakalaan.
Ngunit iyong pinatawad, kasalanan ay nilimot,
Pinatawad mo nga kami upang sa 'yo ay matakot.

Sabik akong naghihintay sa tulong mo, PANGINOON,
Pagkat ako'y may tiwala sa pangako mong pagtulong.
Yaring aking pananabik, PANGINOON, ay higit pa,
Sa serenong naghihintay ng pagsapit ng umaga.

Magtiwala ka, Israel, magtiwala sa iyong Diyos,
Matatag at di kukupas ang pag-ibig niyang dulot,
Lagi siyang nahahandang sa sinuman ay tumubos.
Ililigtas ang Israel, yaong kanyang mga hirang,
Ililigtas niya sila sa kanilang kasalanan.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Sa Panginoon ay walang kabiguan ang pag-ibig; dakila ang kapangyarihan niyang sumagip.

*Antipona 3*

Sa pasimula, bago pa magkapanahon, ang Salita ay Diyos na; siya ngayon ay isinilang, ang Tagapagligtas ng sanlibutan.

*Awit: Colosas 1:12-20*

*(Si Kristo ang panganay na Anak ng sangnilikha at ng mga patay)*

Magpasalamat kayo sa Ama,
Sapagkat minarapat niyang ibilang kayo sa mga hinirang
Na magmamana ng kaharian ng kaliwanagan.

Iniligtas niya tayo
Sa kapangyarihan ng kadiliman
At inilipat sa kaharian ng kanyang minamahal na Anak.
Sa pamamagitan ng Anak, tayo'y pinalaya
At pinatawad sa ating mga kasalanan.

Si Kristo ang larawan ng Diyos na di-nakikita,
At siyang may kapangyarihan sa lahat ng nilikha.
Sapagkat ang lahat ng nasa langit at nasa lupa,
Nakikita man o hindi;

Pati ang mga naghahari at namamahala,
Mga namumuno at may kapangyarihang espirituwal
Ay pawang nilikha ng Diyos
Sa pamamagitan niya at para sa kanya.
Siya'y una sa lahat, at sa kanya nasasalalay
Ang kaayusan ng lahat ng bagay.

Siya ang ulo ng simbahan na kanyang katawan.
Siya ang Una, ang panganay na Anak —
Ang unang nabuhay na muli
Upang siya ang maging pinakadakila sa lahat ng bagay.

Ipinasiya ng Diyos na ang kanyang kalikasan
Ay manatili rin sa Anak,
At inibig niyang ang sandaigdigan ay makipagkasundo sa kanya sa pamamagitan ng Anak.
Sa pamamagitan ng pagkamatay nito sa krus,
Nagkasundo nga ang Diyos at ang lahat ng nilikha
Sa langit at sa lupa.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Sa pasimula, bago pa magkapanahon, ang Salita ay Diyos na; siya ngayon ay isinilang, ang Tagapagligtas ng sanlibutan.

*Umupo*

## Pagbasa ng Salita ng Diyos

*1 Juan 1:1-3*

Sumusulat kami sa inyo tungkol sa kanya na sa simula pa'y siya na, ang Salita na nagbibigay-buhay. Narinig namin siya at nakita, napagmasdan at nahipo ng aming mga kamay. Nahayag ang Buhay. Nakita namin siya at pinatotohanan sa inyo. At ipinangangaral namin sa inyo ang Buhay na walang hanggan na kasama ng Ama, at nahayag sa amin. Ipinahahayag nga namin sa inyo ang aming nakita't narinig, upang makasama namin kayo sa pakikiisa sa Ama at sa kanyang Anak na si Hesukristo.

*Tugunan*

Ang Salita'y naging tao, aleluya, aleluya.

— Ang Salita'y naging tao, aleluya, aleluya.

At nakipamayan sa atin,

— aleluya, aleluya.

Papuri sa Ama, at sa Anak at sa Espiritu Santo.

— Ang Salita'y naging tao, aleluya, aleluya.

*Tumayo*

## Papuring Awit ni Maria

*Antipona*

Ang Kristong Panginoon ay ipinanganak ngayon; ngayon napakita ang Tagapagligtas. Ang sangkalupaan ay umaalingawngaw sa awitin ng mga anghel, at mga papuri ng mga nagagalak na arkanghel. Ngayon sa sangkalupaan, mga kaibigan niya'y nagsasaya: Papuri sa Diyos sa kaitaasan, aleluya.

*Lukas 1:46-56*

*Gumawa tanda ng krus*

Ang puso ko'y nagpupuri sa Panginoon,
At nagagalak ang aking espiritu dahil sa Diyos na aking tagapagligtas.
Sapagka't nilingap niya ang kanyang abang lingkod!

At mula ngayon, ako' y tatawaging mapalad ng lahat ng salinlahi,
Dahil sa mga dakilang bagay na ginawa sa akin ng Makapangyarihan —
Banal ang kanyang pangalan!

Kinahahabagan niya ang mga may takot sa kanya,
Sa lahat ng sali't saling lahi.
Ipinakita niya ang lakas ng kanyang mga bisig,
Pinangalat niya ang mga palalo ang isipan.

Ibinagsak niya ang mga hari mula sa kanilang trono,
At itinaas ang mga nasa abang kalagayan.

Binusog niya ng mabubuting bagay ang mga nagugutom,
At pinalayas niyang wala ni anuman ang mayayaman.

Tinulungan niya ang kanyang bayang Istael,
Bilang pagtupad sa pangako niya saating mga magulang,
Kay Abraham at sa kanyang lahi, magpakailanman!

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Ang Kristong Panginoon ay ipinanganak ngayon; ngayon napakita ang Tagapagligtas. Ang sangkalupaan ay umaalingawngaw sa awitin ng mga anghel, at mga papuri ng mga nagagalak na arkanghel. Ngayon sa sangkalupaan, mga kaibigan niya'y nagsasaya: Papuri sa Diyos sa kaitaasan, aleluya.

## Pangkalahatang Panalangin

Noong isilang si Hesus, ipinahayag ng mga anghel ang kapayapaan sa daigdig. Sinasamba natin siya ngayon nang may galak, at dumadalangin nang may pusong puno ng pananalig:

— Magdulot nawa ng kapayapaan ang iyong pagsilang.

Panginoon, busugin mo ang iyong bayan ng anumang kabutihan na kanilang kailangan,
ang misteryo nawa ng iyong pagsilang ang maging pinagmumulan ng aming kapayapaan.

— Magdulot nawa ng kapayapaan ang iyong pagsilang.

Dumating ka bilang Punong Pastol at tagapagtaguyod ng aming buhay,
ang Banal na Papa at mga obispo nawa'y maging matapat na daluyan ng marami mong biyayang kinakailangan.

— Magdulot nawa ng kapayapaan ang iyong pagsilang.

Haring walang-hanggan, niloob mong ipanganak na sakop ng panahon at maranasan ang pang-araw-araw na buhay ng mga tao,
ibahagi mo sa amin ang walang hanggang buhay sa piling mo,
kaming mga marurupok at nakatalaga sa kamatayan.

— Magdulot nawa ng kapayapaan ang iyong pagsilang.

Pinakahihintay ka mula pa nang likhain ang sanlibutan at sa takdang panahon, ikaw ay dumatal,
ngayo'y nahayag ka sa mga taong sa iyo'y naghihintay.

— Magdulot nawa ng kapayapaan ang iyong pagsilang.

Ika'y naging tao at nagkaloob ng bagong buhay sa aming abang kalagayan na nasa bingit ng kamatayan,
ang mga yumao ay pagkalooban mo ngayon ng ganap na buhay.

— Magdulot nawa ng kapayapaan ang iyong pagsilang.

*Ama Namin*

Ama namin, sumasalangit Ka
Sambahin ang ngalan Mo
Mapasaamin ang kaharian Mo
Sundin ang loob Mo
Dito sa lupa, para nang sa langit.
Bigyan Mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw araw.
At patawarin Mo kami sa aming mga sala,
Para nang pagpapatawad namin

Sa mga nagkakasala sa amin.
At huwag Mo kaming ipahintulot sa tukso,
At iadya Mo kami sa lahat ng masama.
Sapagkat Iyo ang kaharian, at kapangyarihan,
At ang kadakilaan, magpakailanman.

## Pangwakas na Panalangin

Amang makapangyarihan,
pinupuri ka namin dahil sa pagkalikha mo sa tao,
at higit sa lahat, ang pagpapanauli mo
sa amin kay Kristo.
Ang iyong Anak ay nakibahagi sa aming kahinaan:
nawa'y makabahagi rin kami sa kanyang kaluwalhatian
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

— Amen.

*Paghayo*

Pagpalain nawa tayo ng panginoon, iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.

— Amen.

PANALANGIN NG MGA KRISTIYANO SA MAGHAPON

Ang mga tekstong biblikal at mga Papuring Awit na ginamit ay halaw mula sa MAGANDANG BALITA BIBLIA. Karapatang-sipi @ 1973, Philippine Bible Society, U.N. Ave., Manila.

Ang mga titik ng mga Awit at ang mga disenyong pansining ay likha ni Padre Mar DJ Arenas.

Karapatang-sipi @ 1994, LUPON REHIYONAL UKOL SA TAGALOG SA LITURHIYA.

Archdiocesan Liturgical Commission, Manila

mobile prayers

LITURGY OF THE HOURS

EBREVIARY

UNITED STATES OF AMERICA

*www.ebreviary.com*